MEMBER
CAPEI
CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.


# CAVITE NGAYON

THE TRUTH SHALL SET US FREE


TAGASULONG SA KAUNLARAN

YEAR 45 NO. 4 ISSN NO. 2619-8533 JUNE 29-JULY 6, 2026 P10.00 PER COPY

# CITY OF CARMONA, NAGWAGI SA 2026 UNITED NATIONS PUBLIC SERVICE AWARDS



Dr. Dahlia A. Loyola
City Mayor of Carmona, Cavite




**CARMONA, Cavite — Isang makasaysayang tagumpay ang nakamit ng Pamahalaang Lungsod ng Carmona matapos itong tanghaling nagwagi sa 2026 United Nations Public Service Awards (UNPSA) sa kategoryang "Delivering Inclusive and Equitable Services to Leave No One Behind."**

Kinilala ang lungsod para sa entry nitong "Holistic Framework for Disability-Inclusive Governance (Kalingyakap)," na layuning isulong ang inklusibo at makataong serbisyong pampubliko para sa lahat, lalo na sa sektor ng mga Persons with Disability (PWD).

Mula sa mahigit 700 nominasyon mula sa 62 bansa, napili ang City of Carmona bilang natatanging kinatawan ng Pilipinas dahil sa progresibo, makabuluhan, at inklusibong pamamahala nito.

Personal na tinanggap ang parangal ni Carmona City Mayor Dahlia A. Loy-

Turn to page4

# SOLCOM, Nagdiwang ng Ika-39 Anibersaryo





**LUCENA CITY, Quezon — Pinagtibay ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang patuloy nitong pangako sa pagpapanatili ng kapayapaan, seguridad, at pagsusulong ng kaunlaran sa Southern Luzon sa pagdiriwang ng ika-39 na anibersaryo ng pagkakatatag nito na ginanap noong Hunyo 26 sa Camp Guillermo Nakar.**

May temang "SOLCOM @39: Matatag na Sandigan; Maasahan sa Kapayapaan; Kaagapay sa Kaunlaran," pinangunahan ni AFP Chief of Staff General Romeo S. Brawner Jr. ang programa bilang panauhing pandangal at tagapagsalita.

Itinatag noong Enero 1, 1987, ang SOLCOM bilang pangunahing command ng AFP na may mandatong pangalagaan ang mamamayan, mapanatili ang kapayapaan at seguridad, ipagtanggol ang pambansang

Turn to page4

# Manila to ban juvenile delinquents in city-run colleges, universities



Manila Mayor "Isko Moreno" Domagoso

MANILA – Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso on Friday warned juvenile delinquents that they would be barred from enrolling in city-run universities and colleges.

Under a proposed city ordinance, students who are caught carrying weapons to school, engage in riots, or are officially found guilty of bullying will face expulsion from Manila's public schools, particularly the Universidad de Manila and the Pamantasan Lungsod ng Maynila.

The proposal aimed at strengthening campus discipline and safety.

Domagoso said stu-

Turn to page3

CAVITE NGAYON

VEN L. ZOLETA
+Founder

BAYANI N. ZOLETA
Publisher/Editor-in-Chief
ELIZABETH S. ZOLETA
Office Manager
HELEN N. ZOLETA
Comptroller

ELEONOR S. BANAD PAULA S. ZOLETA
Advertising

LOLITZ ESTRELLADO
Editor

Advertising Rates
P160.00 per col.cm Legal Notices
P200.00 per col.cm Commercial Ads
Subscription Rates
P180.00 6 months
P360.00 1 year

OFFICIAL WEBSITE:
www.cavitengayon.com

Office Address:
271 Virata Subd., Palico 3, Imus, Cavite
Cellphone Nos. 0969-0102911; 0916-3008472 and 0939-5282046
Telephone No. (02) 86870607

Cavite Ngayon is published weekly with circulation in the cities and province of Cavite.

MEMBER:

# *DILG Cavite, Nakibahagi sa Paggunita ng International Day Against Drug Abuse and Illicit Trafficking 2026*

CAVITE – Nakibahagi ang Department of the Interior and Local Government (DILG) Cavite sa paggunita ng 2026 International Day Against Drug Abuse and Illicit Trafficking (IDADAIT) noong Hunyo 25, bilang pagpapakita ng patuloy nitong suporta sa kampanya laban sa ipinagbabawal na gamot at ilegal na drug trafficking.

Tampok sa programa ang talakayan ni Dr. Frances Reinalyn Sabangan, Medical Officer III ng Department of Health–Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center (DOH-DATRC) CALABARZON, hinggil sa temang “The World Drug Problem: Persisting Issues, New Challenges, Innovative Responses.” Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng sama-samang pagkilos at paggamit ng mga makabagong pamamaraan upang matugunan ang patuloy na hamon ng suliranin sa droga.

Bilang bahagi rin ng pagdiriwang, muling tinalakay ng DILG Cavite ang pagpapatupad ng Drug-Free Workplace Policy upang higit pang mapalakas ang kamalayan ng mga kawani sa pagpapanatili ng isang ligtas, malusog, at produktibong lugar ng trabaho.

Nagtapos ang programa sa sabayang pagbigkas at paglagda ng Pledge of Commitment, bilang simbolo ng patuloy na dedikasyon ng DILG Cavite sa pagsusulong ng isang drug-free workplace at sa pagbibigay ng tapat at responsableng serbisyong pampubliko.




# Editorial:

## Kabataan, pag-asa pa ba ng bayan?

**Nitong nakalipas na Hunyo 19,2026 ay holiday o walang pasok ang mga eskwelahan at tanggapan ng gobyerno sa Lalawigan ng Laguna.**

**Ito bilang pagbibigay- galang at pag-aalala sa pambansang bayani, Dr. Jose P. Rizal na isinilang sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19**

**May nakaalala pa kaya?**

**Ilang araw pa lamang ang nakakalipas, naglabasan na ang mga balita ukol sa mga kabataang nakalulunos, nakapagtataka ba kung bakit nagaganap ang mga iyon.**

**Nitong Hunyo 16, 2026 ay isang 14- taong gulang na grade 5 na estudyante ang nanaksak at nagkasugat sa 7 grade 5 na kapwa estudyante sa isang pribadong paaralan sa General Trias, Cavite tatlong araw lang nakalipas ito, nitong Hunyo 19, isa namang 18 taong gulang na grade 11 mag- aaral ang nasugatan sa isang knife attack sa loob ng Cavite National High School sa Cavite City.**

**Sa Tacloban, isang grade 9 at grade 10 na estudyante ang namaril mismo sa loob ng silid aralan at 3 estudyante ang namatay, 11 pa ang sugatan.**

**Nakakakilabot, nakakasindak, nakakatakot nakakapagtaka. Bakit mga kabataang mag-aaral pa naman ang gumagawa ng ganito?**

**Ano ang dahilan? Ano ang nagbunsod sa kanila para gawin ang ganitong krimen?**

**Sino ang dapat sisihin? Nagkulang kaya ang mga magulang nila sa pangangaral?**

**Ang sabi ni Mayor Alfred Romualdez ng Tacloban, ang pagpapalaki sa kabataan at pagdidisiplina ay tungkulin ng mga magulang, HINDI NG GOBYERNO.**

**May mga nagkomento rin na marahil ay impluwensya ng mga games na napapanood online.**

**Ang mga magulang ng mga na biktima, nasugatan at na patay ay humihingi ng HUSTISYA. Kahit daw menor de edad ang mga kriminal, dapat lang parusahan sa kanilang ginawang pagpatay.**

**Patuloy pa ang imbestigasyon. Sana, maging TAMA ang resulta.**

**Dapat talaga, tutukan ng mga magulang ang pagpapalaki,ng maayos at TAMA, may takot sa DIYOS at sa batas, at may respeto sa kapwa nila ang kanilang mga anak.**

**May nagtatanong, 'Kung buhay pa si Dr. Jose P. Rizal, ano daw kaya ang iisipin at gagawin nito?**

**Oo naman. Ang mga kabataan ay mananatiling Pag- asa ng bayan, tulad ng sinabi ni Rizal.**

**Ilan lang naman ang mga kabataang naliligaw ng landas. Mas marami pa rin ang mga kabataang taumatahal sa matuwid na landas at sila ay pag-asa pa rin para sa magulang kinabukasan.**


**SANA. Ipagdasal natin ang mga kabataan. Sana, maging maayos sila, tumahak sa matuwid na landas ng buhay.**

**SA DIYOS, WALANG IMPOSIBLE**





# New school buildings end classroom shifting in Silang, Cavite




SILANG, Cavite (PIA) — Students in the Municipality of Silang, Cavite will no longer have to adopt class shifting schemes following the inauguration of new buildings in key local schools.

Last June 23, the Municipal Government led the simultaneous inauguration of school buildings across the municipality as part of its ongoing efforts to address classroom shortage.

Milano Garzon, school head of BLISS Elementary School noted that the newly opened classroom building will help end class shifting, a practice that has been adopted by several public schools in an effort to address the lack of teaching facilities.

“Sa bagong school building, natuldukan na ang shifting classes.”

With its additional classrooms, Garzon noted that classes can now end by one o’clock in the afternoon for Grades 1 and 2, while Grade 3 pupils will end their classes two o’clock in the afternoon. Older students, including Grades 4 through 6 will end their classes by three o’clock in the afternoon.

BLISS Elementary School currently serves 525 pupils from Kindergarten through Grade 6.

Teachers at Gen. Vito Belarmino Integrated National High School, Pulong Bunga Elementary School, Brgy. Munting Ilog Elementary School, and Brgy. Balite II Elementary School, who also inaugurated their own six-classroom buildings also welcomed the additional infrastructure.

Mayor Ted Carranza, in a statement, emphasized the school infrastructure program in the local government’s continuous efforts to address classroom shortage. With a more conducive learning environment, Carranza assured their commitment to invest in school infrastructure.

“Through these initiatives, the Municipal Government of Silang moves closer to its goal of completely eliminating class shifting and providing every student with access to quality education in a safe and conducive learning environment.”

In partnership with local government units all over the country, the Department of Education (DepEd) launched its localized school building program in a bid to decentralize infrastructure development especially in public schools. Under this program, LGUs became a partner of the education sector in fast-tracking classroom construction and rehabilitation. (PB-PIA CALABARZON, Municipal Government of Silang)

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

ATI Calabarzon
Agricultural Training Institute/DA

# 15 Kalahok, Sinanay Bilang mga Resource Person sa Basic Coconut Production



Matagumpay na naisagawa kamakailan ang Phase I: Fundamentals of an Effective Resource Person ng Resource Person Development Course on COCO101: Basic Coconut Production (RPDC on COCO101), na nagsilbing matibay na pundasyon sa paghahanda ng mga kalahok bilang mga mahusay at epektibong resource persons sa larangan ng basic coconut production.

Sa loob ng limang araw na pagsasanay, pinalalim ng labinlimang (15) kalahok mula sa iba’t ibang lalawigan ng CALABARZON ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pamamagitan ng mga paksang tinalakay tulad ng Basic Coconut Production: A Review, The Resource Person/Trainer’s Tasks and Desirable Characteristics, Adult Learning Principles, Responsible Adult Communication, Presentation Skills, at Instructional Materials Development.

Sa pagtatapos ng Phase I, nagbahagi ng mensahe si Bb. Sherylou C. Alfaro, RAgr., Assistant Center Director ng DA-ATI CALABARZON. Hinikayat niya ang mga kalahok na ipagpatuloy ang paglinang ng kanilang kakayahan, isabuhay ang mga natutuhan, at magsilbing epektibong tagapagbahagi ng kaalaman at teknolohiya para sa patuloy na pagpapaunlad ng industriya ng niyog.

Ang matagumpay na pagtatapos ng unang yugto ng programa ay hudyat ng panibagong hakbang sa paghubog ng mga de-kalidad na resource persons na magsisilbing katuwang sa pagpapalakas ng coconut extension services sa rehiyong CALABARZON.

# Manila to ban juvenile ...from page1

dents found responsible for bullying inside educational institutions would likewise undergo due process that could result in expulsion.

"I believe in the right of the individual, but we also have a responsibility to the people,” Domagoso said at the Kapihan ng Samahang Plaridel at the Luneta Hotel.

He said the proposed measure seeks to protect the majority of students, parents, and teachers, adding that those who commit serious offenses should be removed from Manila schools while disciplinary proceedings are conducted.

He called for greater authority for teachers to enforce discipline, saying educators should be empowered to maintain peace and order inside schools.

"Empower our teachers para magkaroon ng power ang teacher na makapagdisiplina ng mga students (so that they have the power to discipline the students)," he added.


**School safety task force**

Meanwhile, Domagoso said the Manila School and Community Safety Task Force, which he formed on Thursday, is set to convene next week.

He signed Executive Order No. 29, Series of 2026 titled the "Manila Schools Safety Initiative" on June 24, adopting a prevention-first approach built on three principles: eliminating illegal firearms and armed threats, acting on every credible warning sign of violence, and preparing every school and community for emergency response.

The task force is tasked to monitor emerging threats against schools, public gatherings, and critical facilities, and to submit quarterly reports to the Office of the Mayor.

The initiative is the response of the Manila City government amid several violent incidents in schools, which claimed the lives of students and injured several others. source:(PNA)




DEBANTAN SPORTS EST. 2017

Unit B, Elicon Building, Good Shepherd Ave., Palico II,, Imus, Cavite

# MGA NATATANGING IRRIGATORS' ASSOCIATIONS SA CALABARZON, PINARANGALAN SA 51ST GAWAD SAKA AWARDS



CALABARZON — Kinilala ng National Irrigation Administration (NIA) CALABARZON, katuwang ang Department of Agriculture (DA) CALABARZON, ang mga natatanging Irrigators' Associations sa ginanap na 51st Gawad Saka Awards noong Martes, Hunyo 23, bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-63 anibersaryo ng NIA.

May temang "Perlas ng Kasaganaan: Ika-63 Taon ng Patubig at Tagumpay," ang selebrasyon ay nagsilbing pagkilala sa dedikasyon, inobasyon, mahusay na pamumuno, at malaking ambag ng mga Irrigators' Associations sa pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura sa bansa.

Bilang bahagi rin ng pagdiriwang, pinarangalan ng NIA CALABARZON ang ilan sa mga kawani nito sa pamamagitan ng Loyalty Award, Salamat-Mabuhay Award for Retirees, at Best Employee Award bilang pagkilala sa kanilang matagal at tapat na paglilingkod, gayundin sa kanilang mahalagang ambag sa pagpapatupad ng mandato ng ahensya na tiyakin ang maayos na sistema ng patubig at suporta sa sektor ng agrikultura.

Naging tampok sa selebrasyon ang pagkilala sa mga kawani, magsasaka, at iba pang stakeholder na patuloy na nakikipagtulungan upang mapatatag ang seguridad sa pagkain at mapaunlad ang sistema ng irigasyon at agrikultura sa rehiyon. Ayon sa NIA CALABARZON, ang mga hakbang na ito ay kaakibat ng pagsusulong ng mga pangunahing programa at direktiba ng pambansang pamahalaan para sa patuloy na pag-unlad ng sektor ng agrikultura.


## SOLCOM...page1

soberanya, at suportahan ang pambansang kaunlaran sa Southern Luzon.

Bahagi ng pagdiriwang ang pagkilala sa mga partner at stakeholder na patuloy na sumusuporta sa pagpapatupad ng mga programa at misyon ng SOLCOM. Kabilang sa mga pinarangalan sina Quezon Governor Helen Tan, mga lokal na punong ehekutibo, at iba pang katuwang ng command sa pagsusulong ng kapayapaan at kaunlaran sa rehiyon.

Sa loob ng halos apat na dekada, nananatiling mahalagang haligi ang SOLCOM sa pagpapanatili ng kapayapaan at seguridad sa Southern Luzon. Bukod sa pagtupad sa mandato nito, aktibo rin ang command sa pagtugon sa mga kalamidad, pagsasagawa ng humanitarian assistance, at pagpapalakas ng ugnayan sa iba't ibang sektor upang maisulong ang isang ligtas, matatag, at maunlad na pamayanan.

## City of Carmona nagwagi..mula p1



ola, kasama si Vice Mayor Cesar L. Ines Jr. at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, sa ginanap na seremonya sa Tbilisi, Georgia.

Nagpahayag din ng pasasalamat ang lungsod sa Office of the Persons with Disability Affairs na pinangungunahan nina Ms. Rosebelle Mercurio at Mr. Tomas Delos Santos, na kinilala sa kanilang mahalagang ambag sa tagumpay na ito.

Ayon sa Pamahalaang Lungsod ng Carmona, ang pagkilalang ito ay patunay ng kanilang adbokasiya na walang maiiwan sa pag-unlad at serbisyo publiko—"Bayan muna, lagi; dapat angat lahat."

## PhilHealth set to accredit 500 YAKAP...from p6

ang makumpleto namin, mashare together with the 289, and also we have at least 221 GAMOT Providers, so sabihin natin, konti pa rin yan kase remember yung YAKAP Provider tapos kukuha ka ng gamot dun sa 54 medicines, kailangan mo yung malapit din sayo na GAMOT Provider para hindi ka ba-biyahe ng malayo o ng other provinde to get it, so dapat taasan din natin yung mga GAMOT Providers natin," Dr. Orina said.

PhilHealth has increased the consultation benefit under the YAKAP program to ₱1,700 per individual, for both public and private healthcare facilities. This is higher than the previous coverage to encourage greater utilization and improve access to affordable healthcare services.

Dr. Orina then emphasized that the program is not only for individuals experiencing health concerns but also for those who wish to regularly monitor their health status and consult with accredited healthcare facilities under the program, promoting preventive care and early detection of potential health conditions.

"Magpa-register po kayo sa Philhealth pero gamitin niyo po ang PhilHealth through YAKAP para mabantayan po ang kalusugan ninyo, because this is prevention rather than cure," Orina stated.

Meanwhile, additional services that PhilHealth members can avail themselves of through YAKAP are dental and optometric, reinforcing its preventive healthcare approach by helping detect health risks before they develop into serious conditions.

The expansion of PhilHealth services is part of President Marcos administration's directive to strengthen the country's healthcare system by ensuring the delivery of more comprehensive, accessible, and inclusive health services for all Filipinos. (COP,ML/PIA CALABARZON)








# Pag-IBIG cuts home loan rates to 4.5% to make more houses affordable under PBBM's Expanded 4PH

Home Development Mutual Fund (Pag-IBIG Fund) has lowered housing loan rates to 4.5 percent for homes priced above the socialized housing ceiling as part of President Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.'s push to expand affordable homeownership.

In a statement, Pag-IBIG said the 4.5-percent interest rate would apply to the housing loans or installment payments above the socialized housing ceiling of P950,000 for house-and-lot units, P1.8 million for condominium units, and P2.5 million for low-cost housing.

The cheaper financing is being offered to qualified borrowers until the end of 2026, according to Pag-IBIG.


"We continue to heed the directive of President Marcos to make decent and affordable homes more accessible to Filipino families," Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) Secretary and Pag-IBIG Fund Board Chairman Jose Ramon Aliling said.

The state-operated fund said that the reduced rates would lead to smaller monthly payments for borrowers during the initial years of their loans.

For example, a P2.5-million housing loan paid over 30 years would result in a monthly amortization of about P12,667, which is around P2,700 less than the previous rate of 6.25 percent.

"We know that buying a home is one of the biggest and most important decisions a family will make," Pag-IBIG Fund Chief Executive Officer Marilene Acosta said.

"By lowering our




three-year fixed rates from 6.25 percent to as low as 4.5 percent, we are helping our members save on their monthly amortization during the first three years of their loan," she said.

"These savings can help families manage their daily needs, or even be set aside in their Pag-IBIG Regular Savings or MP2 Savings so they can better prepare for the future while taking the important step toward owning a home," she added.

Members who meet the qualifications can take advantage of promotional rates for housing loans and installment applications for acquired assets filed not later than December 31, 2026. (PIA Bicol)

## Ugnayan sa Barangay sa Trece...mula pahima6

han din ni Governor Remulla upang magkaloob ng tulong pinansyal sa mga tsuper na Caviteño bilang pagkilala sa kanilang mahalagang papel sa sektor ng transportasyon.

Dumalo rin sa programa sina Vice Governor Ram Revilla Bautista, 1st District Board Members Jygs Gandia at Romel Enriquez, kasama ang mga opisyal ng Cavite City sa pangunguna ni Mayor Denver Reyes Chua, bilang suporta sa mga inisyatibang naglalayong mapabuti ang kabuhayan at kapakanan ng mga manggagawa sa transportasyon.

Ipinakita ng dalawang programa ang patuloy na pagsisikap ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite na mailapit ang mga serbisyo at tulong sa mga mamamayan, kasabay ng pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan upang maisulong ang inklusibong pag-unlad at mas maayos na paghahatid ng serbisyong publiko.

## Cavite Treasurers...p6

bing mahalagang plataporma ang naturang pagpupulong upang mapalakas ang koordinasyon at pagbabahagi ng pinakamahuhusay na kasanayan sa pagitan ng mga local treasurers sa buong lalawigan.

Sa patuloy na suporta ng Lokal na Pamahalaan ng Silang sa pamumuno ni Mayor Ted Carranza, inaasahang makatutulong ang mga ganitong pagpupulong sa higit pang pagpapahusay ng pamamahala sa pananalapi at paghahatid ng episyente at de-kalidad na serbisyong pampubliko sa mga mamamayan.

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE-WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate left by the deceased **CLARISSE MENDOZA GARCIA** consisting of a vehicle, a Toyota Avanza Wagon 1.3 J m/t with CR No. 0023347885 and Plate No. AYT 152 has been the subject of an EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS by and among the heirs of the deceased as per Doc. No. 264, Page No. 54, Book No. 33, Series of 2026 of Notary Public Atty. Diosdado A. Macabutas.

Sgd. By all the heirs

**CN: June 29, July 6 & 13, 2026**

### AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

Notice is hereby given that the estate left by the deceased **SPS. ADOLFO R. ALTONAGA AND VIOLETA A. ALTONAGA** consisting of TWO (2) real estate properties described as follows:

1. a house and lot covered by TCT No. T-156307 with Tax Dec. No. A-239-0019-00533 (land) and Tax Dec. No. A-239-0019-00534 (building) situated at Brgy. Tanzang Luma (now Brgy. Pinagbuklod, Imus, Cavite);

2. a parcel of land covered by TCT No. T-207141 with Tax Dec. No.2370015005800 situated at Brgy. Sampaloc 3, Dasmariñas, Cavite has been the subject of an **AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION** executed by the sole **HEIR JOSE MARIA A. ALTONAGA AS** per Doc. No. 170, Page No. 35, Book No. 1, Series of 2025 of Notary Public Atty. LUIS JOSE ARISTOTLE R. CRUZATE

Sgd. By the sole heir

**CN: June 29, July 6 & 13, 2026**

### AFFIDAVIT OF LOSS

Notice is hereby given that **MR. SATURNINO J. LAJARA** has executed an Affidavit of Loss regarding his One (1) share of Stock of Royale Tagaytay Country Club with Stock Certificate No. B-0242 as per Doc. No. 334, Page No. 68, Book No. 326, Series of 2026 of Notary Public Atty. Samuel Roslin Yu.

Sgd. By the affiant

**CN: June 22, 29 & July 6, 2026**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE-WITH DEED OF DONATION

Notice is hereby given that the estate left by the deceased **MARVIN MACASIO BRIONES** consisting of a vehicle, a Ford Ranger Pick-Up with CR No. 39976599-5 and Plate No. DAT 3928 has been the subject of an EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DONATION by and among the heirs of the deceased as per Doc. No. 310, Page No. 63, Book No. 32, Series of 2026 of Notary Public Atty. Diosdado A. Macabutas.

Sgd. By all the heirs

**CN: June 22, 29 & July 6, 2026**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby given that the estate left by the deceased **CORAZON ENANO CANTIMBUHAN** consisting of four (4) parcels of land covered by TCT No. T-215890, TCT No. T-1233002, TCT No. T-1233003 and TCT No. (T-114618) 057-2023010581 all situated at Dasmariñas, Cavite has been the subject of an **EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE** by and among the heirs of the deceased as per Doc. No. 390, Page No. 78, Book No. 04, Series of 2026 of Notary Public Atty. GERALD C. SERGIO.

Sgd. By all the heirs

**CN: June 15, 22 & 29, 2026**

### ADDENDUM TO THE EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEDENT TEOTIMO SALGADO ARICAYOS

Notice is hereby given that the estate left by the deceased **TEOTIMO SALGADO ARICAYOS** consisting of a parcel of land covered by TCT No. T-265934 situated in Bucal, Tanza, Cavite which has been the sunject of an Extra-Judicial Settlement of Estate in 2023 is now the subject of an ADDENDUM TO THE EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE by and among the heirs of the deceased as per Doc. No. 14, Page No. 04, Book No. II, Series of 2026 of Notary Public Atty. Charles Marie Torres-Elacion.


Sgd. By all the heirs

**CN: June 22, 29 & July 6, 2026**

*One important key to success is self-confidence. An important key to self-confidence is preparation.*

MEMBER
CAPEI
CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.

# CAVITE NGAYON



TAGASULONG SA KAUNLARAN

YEAR 45 NO. 4 ISSN NO. 2619-8533 JUNE 29-JULY 6, 2026 P10.00 PER COPY

# Cavite Treasurers, Nagtipon sa Silang para sa Buwanang Conference

**SILANG, Cavite (Hunyo 25) – Pinangunahan ng Municipal Treasurer's Office ng Silang, sa pamumuno ni Municipal Treasurer Clarisse Torres, ang idinaos na Cavite Treasurers' Monthly Conference sa Riviera Golf and Country Club sa bayan ng Silang.**

Dinaluhan ang pagpupulong ng mga municipal at city treasurers mula sa iba't ibang bayan at lungsod sa lalawigan ng Cavite upang talakayin ang mahahalagang usaping may kaugnayan sa pamamahala ng pananalapi at pangongolekta ng lokal na buwis.

Kabilang sa mga pangunahing tinalakay ang nalalapit na pagtatapos ng Real Property Tax (RPT) Tax Amnesty, ang pagpapatupad ng Schedule of Market Values alinsunod sa Real Property Valuation and Assessment Reform Act (RPVARA), gayundin ang iba pang usaping may kinalaman sa treasury operations ng mga lokal na pamahalaan.




Napag-usapan din ang Summary of RPT Delinquency, ang PhilHealth Yakap benefits na may kaugnayan sa Trust Funds, ang memorandum ng Department of the Interior and Local Government (DILG) hinggil sa proyektong bigas, at iba pang mahahalagang isyung may epekto sa pagpapatupad ng mga serbisyo sa lokal na pamahalaan.

Ayon sa Municipal Treasurer's Office, nagsisil-

Turn to page5

# Ugnayan sa Barangay sa Trece Martires, Arangkada Program sa Cavite City, Pinangunahan ni Gov. Abeng Remulla

Patuloy na pinalalakas ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite ang paghahatid ng mga programa at serbisyo sa iba't ibang bahagi ng lalawigan sa pamamagitan ng magkahiwalay na aktibidad na isinagawa noong Hunyo 23, 2026, sa Trece Martires City at Cavite City.

Sa Barangay Hugo Perez, Trece Martires City, pinangunahan ni Governor Abeng Remulla, kasama sina Vice Governor Ram Revilla Bautista, 7th District Representative Ping Remulla, at Board Members Aldrin Anacan at Camille Del Rosario, ang isa pang yugto ng Ugnayan sa Barangay Program. Layunin ng programa na higit pang mapalapit ang pamahalaang panlalawigan



**Cavite Governor Abeng Remulla**

sa mga residente sa pamamagitan ng maagap, episyente, at epektibong paghahatid ng mga serbisyong pampubliko.

Nakiisa rin sa aktibidad sina Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan, Vice Mayor Bobby Montehermoso, at mga miyembro ng



**TMC Mayor Gemma Buendia-Lubigan**

Sangguniang Panlungsod bilang pagpapakita ng kanilang suporta sa mga programang nagtataguyod ng kapakanan at kaunlaran ng komunidad.

Samantala, sa Cavite City, inilunsad ang Arangkada Program na pinangunа-

Turn to page5

# PhilHealth set to accredit 500 YAKAP facilities in CALABARZON

In a bid to expand access to free medical consultations and medicines, the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) Calabarzon aims to accredit 500 healthcare facilities by the end of 2026, under its Yaman ng Kalusugan Program (YAKAP), bringing preventive healthcare services closer to residents across the provinces of Cavite, Laguna, and Quezon.

Dr. Edwin Orina, Acting Vice President of PhilHealth Region IV-A, said the region currently has 289 accredited YAKAP Clinics providing healthcare services to members. Despite the number, the facilities remain insufficient for nearly 11 million residents of the three provinces.

"Dito po sa Region IV-A [mayroong] at least 289 YAKAP providers. I assure you po, kulang po yung 289, kasi napakalaki po ng ating tatlong probinsya – Cavite, Laguna, and Quezon. At the same time, we have at least 10-11 million population, so maliit po yung 289," Dr. Orina stated during an interview with the Philippine Information Agency.

He added that the PhilHealth aims to establish 500 YAKAP Clinics across the region and expand the number of Guaranteed and Accessible Medications for Outpatient Treatment (GAMOT) providers to serve more Filipinos, particularly its members, and ensure wider access to healthcare services, benefits, free medical care, and medicines.

"We've targeted na at least 500 YAKAP facilities

Turn to page4